
5

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Unang Markahan – Modyul 2:

### Mabuti at Di-mabuting Maidudulot ng mga Babasahin, Napakinggan at Napanood



ALTERNATIVE DELIVERY MODE

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Edukasyon sa Pagpapakatao – Ikalimang Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Unang Markahan – Modyul 2: Mabuti at Di-mabuting Maidudulot ng mga Babasahin, Napakinggan at Napanood.**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Maria Fe P. Alas, Rhoda S. Bordallo

**Editor:** Caridad P. Baginon, Vivien M. Espinosa, Teodorico C. Peliño Jr.

**Tagasuri:** Juliet L. Lim, Gretel Laura M. Cadiong, David C. Alcober, Lita V. Jongco
Asuncion S. Barola

**Tagaguhit:** Crisanto Lopera, Jingerlou D. Inot

**Tagalapat:** Gualberto R. Gualberto Jr.

**Tagapamahala:**

Ramir B. Uytico
Arnulfo M. Balane
Rosemarie M. Guino
Joy B. Bihag
Ryan R. Tiu
Amenia C. Aspa
Juliet L. Lim
Ranulfo L. Baay
Gretel Laura M. Cadiong
Mark Chester Anthony G. Tamayo
Edgar Y. Tenasas
Mariza S. Magan

**Inilimbag sa Pilipinas ng ________________________**
**Department of Education – Region No. VIII**

Office Address: Government Center, Candahug, Palo, Leyte
Telefax: 053 - 323 – 3156
E-mail Address: region8@deped.gov.ph

# 5

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Unang Markahan – Modyul 2: Mabuti at Di-mabuting Maidudulot ng mga Babasahin, Napakinggan at Napanood

# Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang **Edukasyon sa Pagpapakatao-5 ng** *Alternative Delivery Mode* (ADM) **Modyul para sa araling Mabuti at Di -mabuting Maidudulot ng mga Babasahin, Napakinggan at Napanood.**

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pampubliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa **Edukasyon sa Pagpapakatao-5 ng** *Alternative Delivery Mode (ADM)* **Modyul ukol sa Pagsusuri nang Mabuti at di-Mabuting Maidudulot ng mga Babasahin, Napakinggan at Napanood.**

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| ***Alamin*** | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
| ***Subukin*** | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
| ***Balikan*** | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
| ***Tuklasin*** | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |
| ***Suriin*** | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |
| ***Pagyamanin*** | Binubuo ito ng mga gawaing para sa malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul. |
| ***Isaisip*** | Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin. |
| ***Isagawa*** | Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |

| | |
|---|---|
| ***Tayahin*** | Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |
| ***Karagdagang Gawain*** | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
| ***Susi sa Pagwawasto*** | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| ***Sanggunian*** | Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

## Alamin

Sa panahon ngayon maraming mga balitang lumalabas mula sa dyaryo, radyo, magasin, telebisyon pelikula at *internet*, maging ito ay totoo o hindi ang mga ito ay maaring makadulot ng mabuti o di kaya'y di-mabuting epekto sa ating sarili o sa ating pamilya. Kung papaano natin maiiwasan ang mga masamang epekto nito ay kung marunong tayong magsuri ng balita. Ang pagsusuri ay makakatulong upang maiwasan natin ang di-mabuting dulot nito sa ating mga damdamin at kalooban.

Ang sumusunod na mga layunin ang tatalakayin sa modyul na ito:

- Nakasusuri ng mabuti at di-mabuting maidudulot sa sarili at miyembro ng pamilya ng anumang babasahin, napapakinggan at napapanood sa mga sumusunod na uri ng *media* dyaryo, magasin, radyo, telebisyon, pelikula at *internet.*

- Nakabubuo ng ideya tungkol sa mabuti at di-mabuting epekto ng paggamit ng *media*.

- Makabubuo ng *journal* tungkol sa tamang pag-uugali gamit ang iba't ibang uri ng *media.*

## Subukin

Isulat ang **Tama** sa bilang na tumutugon sa mapanuring pag-iisip batay sa balitang napakinggan sa radyo, nabasa sa pahayagan o *internet* at **Mali** kung hindi mo ito nabigyan ng mapanuring pag-iisip.

1. Naipaliliwanag ko nang maayos at may kumpletong detalye ang balita ukol sa lindol.
2. Nababasa ko ang isang balitang tungkol sa ekonomiya ng Pilipinas.
3. Naikokompara ko ang tama at mali sa aking nabasa sa pahayagan o *internet.*
4. Naiisa-isa ko ang mga tuntunin sa pakikinig sa radyo.
5. Naisasagawa ko ang sunud-sunod na pamantayan sa pagbasa ng balita.
6. Naibabahagi ko ang mga magandang bagay na nakita ko sa palabas.

7. Naisasabuhay ko ang mga magandang aral na aking nakita sa telebisyon.

8. Nakagagawa ako ng sariling desisyon batay sa aking nakita / narinig sa balita sa radyo at telebisyon.

9. Nakapapasya akong maglaan ng konting panahon sa paggamit ng *cellphone.*

10. Nasubukan kong maging maingat sa paggamit ng *multi-media* tulad ng *computer* at *cellphone.*

# Aralin 1 Mabuti at di-Mabuting Maidudulot ng mga Babasahin, Napakinggan at Napanood.

Ang *media* tulad ng paggamit ng *internet, laptop*, panonood ng telebisyon, pagbasa ng magasin o pahayagan ay mga kasangkapan o mga kagamitang mapadali ang paghatid ng mga mahahalagang impormasyon sa kapaligiran at sa buong mundo. Ngunit kailangan ang masusing paggabay ng mga magulang sa mga kabataan dahil ang *media* ay maaring makalason sa isipan ng kabataan at iyan ay maaaring makasisira sa kanilang kinabukasan.




## *Balikan*

Isulat ang **tsek** (✓) kung ang pahayag ay tama at **ekis** (**X**) kung ito ay mali. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Maraming kaalaman ang mababasa natin sa komiks.
2. Sa diksyunaryo natin makikita ang kahulugan ng mga salita.
3. Marami tayong matututunan sa pagbabasa.
4. Lahat ng napapanood sa telebisyon ay pawang kabutihan.
5. Ang paglalaro ng *video games* ay nakatutulong sa mga kabataan ngayon.

## *Tuklasin*

Tingnan ang bawat larawan. Buuhin ang pangalan ng larawan gamit ang *scrambled letters* na nakasulat.









1. rayody

2. latak

3. bolane





4. lebisyonte

5. platop

## *Suriin*

Ano ang dapat gawin sa mga nababasa galing sa iba't ibang babasahin? Lahat ba ng nababasa ay nakapagdudulot ng mabuti sa sarili at sa sa iba pang miyembro ng pamilya?

Ang nakakukuha nating iba't ibang uri ng impormasyon sa *media* o babasahin ay maari nating gawing batayan upang malaman kung ano ang totoo o hindi. Ang tamang pakikinig at pagbabasa ng mga impormasyon ay ginagawa sa pamamagitan ng pagtatanong sa mga mas nakakaalam sa atin.

Bilang isang mag-aaral, kailangan mo ang mga impormasyong makakatulong palawakin ang iyong kaalaman tungkol sa mga bagay-bagay, upang ikaw ay makasali sa mga talakayang may katuturan sa loob ng paaralan, sa bahay at sa pamayanan.

Kung mayroon masamang balitang narinig o nabasa huwag agad itong paniwalaan at huwag agad ipagkalat kahit kanino, bagkus suriin at alamin ang katotohanan.

## *Pagyamanin*

Isulat ang salitang **Sumasang-ayon** at **Hindi Sumasang-ayon** sa diwang ipinahahayag ng bawat pangungusap.

1. Ang pagbabasa ng aklat at magasin ay nakadaragdag sa iyong kaalaman at kakayahan.
2. Paglalaro ng *computer games* kaysa paggawa ng iyong takdang-aralin.
3. Pagbabasa ng dyaryo upang malaman ang mga pangyayari sa loob at labas ng bansa.
4. Pagpapahalaga sa panonood ng mga telenobela kaysa mga balita.
5. Pakikinig ng mga programa sa radyo na nagtuturo ng paggawa ng makabuluhang bagay.
6. Pagtulong at paggawa ng mga kapaki-pakinabang na gawain.
7. Paniniwala sa patalastas na napanood o narinig.

8. Pagkalap sa iba't ibang sanggunian ng mga impormasyon sa tuwing pinagagawa ka ng pag-uulat sa klase.
9. Pagtimbang ng magkabilang panig sa isyu bago ka gumawa ng pagpapasiya.
10. Pagpapahalaga sa opinyon ng ibang tao kahit na ito ay iba sa opinyon mo.

## *Isaisip*


Ano ang naidudulot ng iba't ibang balita na lumalabas mula sa dyaryo, radyo, magasin, telebisyon at *internet*? Punan ang patlang ng tamang salita. Pumili sa loob ng kahon.

| | |
|---|---|
| modelong | impluwensya |
| masamang | mabuti |
| maniwala | |

Malaking _______________ ang mga nakikita, naririnig at napapanood sa iba't ibang uri ng media. Maaring magdulot ng ________________ at ___________________ epekto. Kaya't mainam na may maganda silang ___________ kaugaliang napapanood sa iba't ibang media.

## *Isagawa*

A. Isulat sa loob ng puso ang inyong saloobin hinggil sa mabuting naidudulot ng *media* at isulat sa labas ang di-mabuting naidudulot ng *media.*



B. Magsulat ng sariling tula batay sa sumusunod:

a. isang saknong lamang

b. tulang walang sukat at walang tugma

c. ang paksa ay tungkol sa tamang pag-uugali sa paggamit ng iba't ibang uri ng *media.*

**Rubrics**

Nilalaman - - - - - - - - - - - -- 5

Kaugnayan sa paksa - - - - - 5

Kalinisan- - - - - - - - - - - - - - 5

Pagkasulat - - - - - - - - - - - - - 5



## *Tayahin*

Basahin at unawain ang artikulo. Itala sa kolum sa ibaba ang limang mabuting epekto at limang di-mabuting epekto sa paggamit ng *computer.*

### Mabuti at Masamang Epekto ng *Computer*

Umuunlad na nga ang ating panahon ngayon. Marami na ang mga makabagong teknolohiya tulad ng *cellphone, MP3, MP4, ipod* at higit sa lahat *computer*. Para sa karamihan, ang *computer* ay isang napakahalagang imbensyon at malaki ang naitutulong nito sa atin. Pero hindi alam ng lahat, bukod sa mga mabuting epekto nito, mayroon din itong masasamang epekto.

Unahin na natin ang mabubuting epekto. Ang *computer* ay isang teknolohiyang nagbibigay sa atin ng maraming impormasyon. Halimbawa, kapag tayo ay mayroong mga proyekto o takdang-aralin sa paaralan mas madali tayong makahanap ng mga kasagutan. Hindi na tayo mahihirapang maghanap sa mga libro, ang computer na mismo ang magbibigay sa atin ng kasagutan. Pangalawa, tumutulong din ang computer para magkaroon tayo ng komunikasyon sa mga mahal natin sa buhay na nasa ibang bansa. Nakatutulong ng malaki ang *computer* sa negosyo gamit ang *internet*. Ang *computer* ang pangunahing dahilan ng mga *IT students* sa pagpili nila sa kanilang kurso.

Sunod naman ay ang mga masasamang epekto ng *computer.* Una na diyan ang problemang naidudulot nito sa mga kabataan. Ang iba ay napababayaan ang kanilang pag-aaral dahil sa *computer.* Naaadik ang iba sa paglalaro tulad ng *DOTA*. Hindi lamang oras ang nasasayang pati na rin ang pera. Nauubos ng mga mag-aaral ang kanilang pera sa paglalaro kaysa sa pagkain. Ang huling masamang dulot ng *computer* ay ang sakit na pwedeng maidulot nito. Dahil sa pagkatutok sa *computer*, hindi maiiwasang sumakit ang kanilang ulo o kaya'y mahilo.

Kaya payong kapatid, hinay hinay lang sa paggamit at huwag nating abusuhin ang mga teknolohiyang ito.

I. Punan ang bawat kolum ng iyong sagot batay sa binasa.

| Mabuting Epekto | Di-Mabuting Epekto |
|---|---|
| | |
| | |
| | |
| | |
| | |

II. Gumawa ng *journal tungkol* sa tamang pag-uugali sa paggamit ng iba't ibang uri ng media.

**Rubrics**

Pagkasulat ---------------------------------5

Wastong Gamit ng Bantas-------------- 5

Ideya ----------------------------------------5

Kalinisan------------------------------------5

III. Tama o Mali. Isulat ang titik **T** kung ang diwa na ipinapahayag ng pangugusap ay tama o titik **M** kung mali.

1. Laging lumiliban sa klase dahil naglalaro ng *dota.*

2. Gabayan ng mga magulang ang mga anak sa paggamit ng *media.*

3. Kung araw ng klase, dapat di- gamitin ang *cellphone* tuwing gabi upang makatulog nang maaga.

4. Ilagay sa ilalim ng unan ang *cellphone.*

5. Manood ng malalaswang palabas sa *youtube.*

6. Gamitin ang multi-media sa makabuluhang paraan.

7. Huwag gayahin ang mga masasamang nakita sa palabras at nabasa sa pahayagan.

8. Nakatutulong sa pag-aaral ang *multi-media* kung gagamitin nang maayos.

9. Mapapadali at mapapagaan ang trabaho gamit ang *multi – media.*

10. Agad-agad maniniwala sa mga balitang *nakapost* sa *facebook.*



## ***Karagdagang Gawain:***

Gumawa ng isang poster hinggil sa mabuti at di-mabuting epekto ng paggamit ng media.

**Rubriks sa Paggawa ng Poster**

Kaugnayan ng Paksa------------------------------- -5

Kaisipang lumulutang-------------------------------5

Kulay/ disenyo--------------------------------------- 5

Kalinisan-----------------------------------------------5

# Susi sa Pagwawasto

**Balikan**

1. /
2. /
3. /
4. X
5. /

**Tuklasin**

1.dyaryo
2.aklat
3.nobela
4. laptop
5.telebisyon

**Subukin**

1. T
2. T
3. T
4. T
5. T

**Tayahin**

**Mabuting Epekto**

1. nagbibigay impormasyon
2. komunikasyon
3. nagbibigay sagot sa mga tanong
4. nakatutulong sa negosyo
5. maraming estudyante ang kumuha ng IT

**Di Mabuting Epekto**

1. problemang dulot sa mga kabataan
2. nawiwili ang mga bata sa video games
3. nasasayang ang pera
4. napapabayaan ang pag-aaral
5. nagdudulot ng sakit

## Pagyamanin

1. Sumasang- ayon
2. Hindi Sumasang-ayon
3. Sumasang- ayon
4.. Hindi Sumasang- ayon
5. Sumasang- ayon
6. Sumasang- ayon
7. Hindi Sumasang- ayon
8. Sumasang- ayon
9. Sumasang- ayon
10.Sumasang -ayon

## Isaisip

1.impluwensya
2.mabuti
3.masamang
4.modelong

## Isagawa

Maaring iba-iba ang sagot dito

## III-Tayahin

| | |
|---|---|
| 1.M | 6.T |
| 2.T | 7.T |
| 3.T | 8.T |
| 4.M | 9.T |
| 5.M | 10.M |

## Karagdagang Gawain

Maaring iba-iba ang sagot ditto.

## *Sanggunian*

Department of Education. n.d. *Edukasyon sa Pagpapakatao: Ugaling Pilino sa Makabagong Panahon: Manwal ng Guro.* Philippines: Department of Education.

Department of Education. n.d. *Ugaling Pilipino sa Makabagong Panahon: Learner's Materials Pages.* Philippines: Department of Education.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph